# QUARTER 1 WEEK 2

| LESSON EXEMPLAR IN FILIPINO | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 2*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksy on nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagbati, paghingi ng pahintulot, pagtatanong ng lokasyon ng lugar, pakikipag-usap sa matatanda, pagtanggap ng paumanhin, pagtanggap ng tawag sa telepono, pagbibigay ng reaksyon o komento)<br>F2WG-Ia-1<br>F2WG-IIa-1<br>F2WG-IIIa-g-1<br>F2WG-IIIa-g-1<br>F2WG-IVa-c-1<br>F2WG-IVe-1 |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan*** ***(Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | **Magalang na pananalita** |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.200 CG.p 22 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | P. 4-5 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | P.8-16 |
| 3. Mga Pahina sa | |

| | |
|---|---|
| Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | , Modyul |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin***<br><br><br>***Subukin***<br><br><br><br><br><br><br><br>*Balikan* | <br>Sa araling ito, matututunan mong gumamit ng mga salitang paggalang sa lahat ng sitwasyon.<br><br><br>Ano ang dapat mong sabihin kung:<br><br>1. Dadaan ka sa gitna ng dalawang nakatatandang nag-uusap?<br><br>2. Nasanggi mo ang pagkain ng lola sa tabi mo?<br><br>3. Naubuhan mo ang taong nasa tapat mo?<br><br>4. Nakabasag ka ng plato sa bahay?<br><br>5. Nakakita ka ng lola na maraming bitbitin? |
| B. Pagpapaunlad<br><br>*Tuklasin* | Basahin ang tula.<br><br>**“Magalang na Pananalita”**<br>ni R. B. Catapang<br><br>Isang pagbati na may paggalang,<br>Kay sarap pakinggan sa batang magalang.<br>Salitang “po” at “opo” na ating binibigkas,<br>Ang siyang lumalabas sa kanilang mga labi.<br><br>“Maraming salamat po”,<br>“walang anuman”<br><br><br><br>“Ikinalulungkot ko”, ay mapapakinggan.<br>“Tao po”, “Tuloy po kayo” ay maaasahang,<br>Mamumutawi sa labi ng batang magalang. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Kaya't ating turuan ang mga kabataan,<br>
Na maging magalang sa pakikipagtalastasan.<br>
Maging sa kapwa bata o magulang man,<br>
Ito ang katangiang tunay na kinalulugdan.<br><br>
1. Ano-anong magagalang na salita ang nabanggit sa tula?<br>
2. Ano-ano pang magagalang na salita ang alam ninyo na hindi nabanggit sa tula?<br>
3. Ano ang tawag sa batang gumagamit ng ganitong mga salita?<br>
4. Sa iyong palagay, bakit masarap pakinggan ang magagalang na salita?
</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pakikipagpalihan<br>Pagyamanin</td>
<td>
A. Lagyan ng ☺ ang patlang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang at ☹ kung hindi.<br><br>
____________ 1. Sinungitan ni Leo ang kaniyang ina.<br><br>
____________ 2. Mahinahong tinanong ni Bibo ang ina niya kung gusto niyang sumama sa kaniya sa labas ng bahay.<br><br>
____________ 3. Dahan-dahang tinulungan ni Lia ang lola na tumawid sa kalsada.<br><br>
____________ 4. Tinulak ni Momo ang lolo na nakaharang sa kaniyang harapan.<br><br>
____________ 5. Dumaan na lang basta-basta si Kiko sa gitna ng dalawang nakatatandang nag-uusap.<br><br>
B. Lagyan ng ☺ ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at ☹ kung hindi.<br><br>
____________ 1. “Magandang umaga po, Ginang Reyes!”<br><br>
____________ 2. “Tabi nga diyan!”<br><br>
____________ 3. “Maaari po ba akong makiraan?”<br><br>
____________ 4. “Ano ba ‘yan! Ang ingay mo naman, nanay!”<br><br>
____________ 5. “Ako na lang po ang magluluto ng ating hapunan.”<br><br>
C. Isulat sa patlang ang mga magagalang na salitang kailangan mong isagot sa mga sumusunod na sitwasyon.<br><br>
1. Nakabasag ka ng pinggan.<br><br>
______________________________________________________________<br><br>
______________________________________________________________<br><br>
2. Dadaan ka sa gitna ng dalawang nakatatandang nag-uusap.
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ________________________________________<br><br>3. Naitapon mo nang hindi sinasadya ang paboritong damit ng iyong ina.<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>4. Nakita mo ang iyong guro habang naglalakad ka pauwi bandang hapon.<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>5. Inuutusan ka ng iyong ina na humiram ng gamit sa kapitbahay.<br><br>________________________________________<br>________________________________________ |
| D. Paglalapat<br><br><br><br><br><br><br><br>*Paglalahat* | Magkwento ng isang pangyayari kung saan ikaw ay naging magalang sa nakatatanda.<br><br><br><br><br><br><br><br>Ang pagiging magalang ay isa sa mga pinakamagandang katangian ng isang batang Pilipino. May mga salitang ginagamit para sa bawat sitwasyon tulad ng PO at OPO at ilan pang mga katagang makikita mo sa ibaba:<br>● "Makikiraan po.."<br>● "Pasensya na po kayo.."<br>● "Ako na po ang magbibitbit ng mga gamit niyo."<br>● "Magandang umaga po!"<br>● "Magandang tanghali po!"<br>● "Magandang gabi po!" |

| | |
|---|---|
| | • "Pakiabot po.."<br>• "Paalam po.." |
| E. Pagtataya | **I. Iguhit ang puso ♡ kung ang sinasaad na ugali ay dapat gawain at Δ kung hindi.**<br>_____ 1. Hindi ko pinapansin ang mga batang may kapansanan.<br>_____ 2. Hindi ko tinatawanan ang batang nakita kong nadulas.<br>_____ 3. Nagsasabi ako palagi ng "po" at "opo" sa mga nakakausap ko.<br>_____ 4. Kapag marami akong baon ay ibinabahagi ko ito sa kaklase kong walang baon.<br>_____ 5. Magmamalaki ako dahil alam kong mas matalino ako sa kanila.<br>_____ 6. Tinutulungan ko ang kaklase kong may kapansanan.<br>_____ 7. Sinisigawan ko ang aming kasambahay o katulong.<br>_____ 8. Nakikipagtulakan ako sa pagpila kung oras ng reses.<br>_____ 9. Pinagtatawanan ko ang batang lansangan.<br>_____ 10. Tinitigan ko ng masama ang guro ko kapag pinagsasabihan ako ng guro namin. |
| ***V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay______________________________________________<br>________________________________________________________________<br>2. Nalaman kong___________________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman______________________________________________ |